PAALALA MULA SA EMBAHADA

Nais ipaalala ng Embahada ang mga sumusunod na bagong panuntunan mula sa Ministry of Manpower para sa mga kababayan nating nagtatrabaho bilang kasambahay sa Singapore:

- Patuloy na mamalagi sa bahay tuwing araw ng pahinga, maaaring lumabas kung may mga trabahong kailangang gawin o bibili ng pagkain, at kinakailangan na umuwi agad pagkatapos. Laging magsuot ng mask, panatilihin ang distansya ng isang metro mula sa isa't-isa, wag makipagkita sa mga kaibigan o magtipon sa mga pampublikong lugar para maiwasan ang pakikipag-ugnayan sa iba.

- Napansin ang pagtitipon-tipon ng mga kasambahay sa mga lugar tulad ng City Plaza, Lucky Plaza at Peninsula Plaza, para magpadala ng pera o makipagkita sa mga kaibigan. Ipinagbabawal pa rin na magtipon-tipon ang mga kasambahay at dapat na umuwi agad pagkatapos ng kanilang gawain. Merong mga otoridad ang gobyerno at safe-distancing ambassadors na patuloy na magbabantay upang magpataw ng mahigpit na aksyon, tulad ng pagbigay ng babala at pagbawi ng work permit para sa mga lalabag ng panuntunan ng MOM.

PAALALA MULA SA EMBAHADA

- Ang mga lisensyadong remittance agents sa City Plaza, Lucky Plaza at Peninsula Plaza ay tatanggap lang ng mga customer na may appointment tuwing Sabado, Linggo at mga public holiday. Kinakailangan na kumuha muna ng appointment bago magpadala ng pera sa mga lugar na ito. Ang mga amo rin ay dapat na ipaalala sa kanilang kasambahay na dapat kumuha muna ng appointment bago magpadala ng pera sa mga lugar na ito.

- Ang mga kasambahay na hindi makakuha ng appointment para personal na magpadala ng pera ay inaanyayahan na gamitin ang e-remittance na pamamaraan o pumunta sa remittance agent sa ibang lugar.